bashkëpunimi gjerman
DEUTSCHE ZUSAMMENARBEIT

Implemented by giz Deutsche Gesellschaft für Internationale Zusammenarbeit (GIZ) GmbH

REPUBLIKA E SHQIPËRISË
MINISTRIA E EKONOMISË, KULTURËS DHE INOVACIONIT

ASDO
ALBANIA SUSTAINABLE DEVELOPMENT ORGANIZATION

# Alamin ang iyong Karapatan




## Gabay para sa Migranteng Manggagawa sa Albania



# AMING PINUPROTEKTAHAN ANG MANGGAGAWA LABAN SA DISKREMINASYON

Sa Albania, bawat manggagawa ay protektado mula sa diskriminasyon na walang pagkakaiba, ekslusyon, restriksiyon o pagpili base sa rasa, etnisidad, kulay, wika, nasyonalidad, politikal, panrelihiyon o pilosopikal na paniniwala, ekonomik, edukasyon or estadong sosyal, kasarian, katauhang pangkasarian, oryentasyong sekswal, katangiang pangkasarian, pamumuhay na may HIV/AIDS, pagbubuntis, kaakibat ng magulang, resposibilidad ng magulang edad, pamilya o estado ng kasal, katayuang sibil, tirahan, estado ng kalusugan, ang pagkakaroon ng mas mataass na posibilidad na magkakaroon ng isang partikular na sakit, katauhan, kapansanan, pagiging kasapi sa isang partikular na grupo, o anu pa mang ibang dahilan.

**Ang proteksiyong ito ay ginagarantiya ng Pambansang Batas at Internasyonal na kombensyon o Kapulungan.**



# KARAPATANG PANTAO NG MIGRANTENG MANGGAGAWA AT ANG KANILANG PAMILYA

**Ang Albania ay bansang lumagda sa lahat ng kumbensiyong nauugnay sa karapatang pantao at tulad nito ang iyong karapatan ay protektado ng estadong institusyon.  Ilan sa mga ito, bagamat hindi lahat ang nakatala sa itaas.**

- Karapatang mabuhay ng lahat na migranteng manggagawa at kasapi ng kanilang mga pamilya ay protektado ng batas.
- Ang mga migranteng manggagawa at kasapi ng kanilang mga pamilya ang may karapatan na anumang oras na pumasok at manatili sa kanilang pinggalingang estado.
- Walang manggagawang migrante o kasapi ng kanilang pamilya ang maaaring sumailalim sa pag-torture o sa pagmamalupit, di-makatao o nakababang pagtingin o parusa.
- Walang migranteng manggagawa o kasapi ng kanilang pamilya ang maaaring maalipin.
- Walang migranteng manggagawa o kasapi ng kanilang pamilya ang kinakailangan na sapilitang gumawa o sapilitang paggawa.
- Ang migranteng manggagawa at kasapi ng kanilang mga pamilya ang may karapatan sa kalayaan ng pag-iisip, budhi at relihiyon.
- Ang migranteng manggagawa at kasapi ng kanilang pamilya ang may karapatan  sa opinyon nang walang panghihimasok.
- Walang migranteng manggagawa o kasapi ng kanilang pamilya ang maaaring mapapailalim sa arbitraryo o labag sa batas na panghihimasok sa kanyang sariling kakanyahan, pamilya, korespondensiya o iba pang komunikasyon, o labag sa batas na pag-atake sa kanyang dignidad at reputasyon.
- Walang migranteng manggagawa o kasapi ng kanyang pamilya ang maaaring arbitraryong pagkaitan ng ari-arian, pag-aari man ng indibidwal o kasama ang iba o sa pakikipagtulungan ng iba.
- Ang Migranteng manggagwa at kasapi ng kanilang mga pamilya ay may karapatan sa epektibong proteksiyon ng estado laban sa karahasan, pisikal na pinsala, mga panakot at pananakot, kung sa pamamagitan ng opisyal ng pamahalaan o pribadong indibidwal, grupo o mga institusyon.
- Ang migranteng manggagawa at mga kasapi ng maknilang pamilya ang may karapatan sa pagkakapantay sa mga mamamayan ng mismong estado sa harap ng mga korte at tribunal.

- Labag sa batas para kanino man, maliban lamang sa pampublikong opisyal na awtorisado ng batas, na kumpiskahin, sirain o pagtatangkang sirain ang dokumento ng pagkakakilanlan, dokumentong nagbibigay pahintulot sa pagpasok o sa pagpapanatili, tirahan o pagtatatag sa pambansang teritoryo o permiso sa pagtrabaho.
- Ang migranteng manggagawa at ang mga kasapi ng kanilang mga pamilya ay hindi dapat ipailalim sa mga hakbang ng kolektibong pagpapatalsik.  Bawat kaso ng pagpapatalsik ay kailangang sinuri at napagdesisyunan ng isa-isa.
- May karapatan kang makibahagi sa mga pagpupulong at mga gawain ng unyon ng manggagawa at iba pang asosasyong naitatag na naaayon sa batas, para malayang sumali sa kanila at humingi ng tulong at ayuda ng anumang asosasyon o samahang nabanggit.





# PANLIPUNANG SAKLAW

Ang iyong pinaglilingkuran ang bumabayad ng panseguridad panlipunan (social insurance) para sa iyo, bilang bahagi ng iyong sahod, at iyon ay ginagarantiyang:

Ang panseguridad panlipunan ay nagbibigay ng sapilitang proteksiyon sa lahat na mga taong may trabaho sa pagkakataon na may pagbabawas sa kita bilang resulta ng pansamantalang kapansanan sanhi ng pagkasakit, aksidente sa trabaho, sakit sa trabaho at kawalang trabaho, ang migranteng mangagawa at ang mga kasapi ng kanilang mga pamilya ang tatamasa ng magkaparehong paggagamot na binibigay sa mga mamamayan.

Ang serbisyong panlipunan sa Albania ay inaalay sa pamamagitan ng mga sentrong pangkomunidad, sentrong pambahay,day centers o sa mga Pangangalaga sa bahay.

Ang mga malalapitang serbisyo ay kinabibilangan ng serbisyong pre-social tulad ng impormasyon, pagpapayo, pambahay na pangangalaga, suportang psyco-sosyal, at maagang interbensiyon. Ang mga serbisyong ito ang nagsisilbi sa iba't ibang pangangailangan tulad ng tulong pinansiyal para sa indibidwal o pamilyang nangangailangan

ng tulong, tulong para sa mga bata, mga matatanda, mga taong may kapansanan,  at ang mga yaong mga nasa mahinang sitwasyon, paghahatid ng pagkain, kalinisang gawi, at pang-araw-araw na suporta.

Ang mga pangkomunidad na serbisyo ang naka tuon sa komprehensibong pag-alaga sa mga sentro pangkomunidad, na nagbibigay ng buo o kalatating programa na may pangkalusugan, edukasyonal, at psyco-sosyal na serbisyong pagpapanibagong-buhay.

Ang pansamantalang serbisyong kanlungan ang tumutugon sa biglaang pangangailangan sa tirahan sa mga indibidwal tulad ng mga kabataang nasa panganib, biktima ng domestikong karahasan, o mga walang matitirhan nagbibigay ng iba't ibang suporta at re-habilitasyong programang naayon sa espisipikong kalagayan.





# KALUSUGANG PANGPAGAWAAN SA ALBANIA

Ang iyong pinaglilingkuran ang siyang nagbabayad ng kasiguruhang pangkalusugan para sayo, bilang bahagi ng iyong sahod, at kailangan din nilang tiyakin ang iyong Kalusugan at Kaligtasan habang ikaw ay nasa pagawaan.

Ang mga migranteng manggagawa at kasapi ng kanilang mga pamilya ang may karapatang tumanggap ng kahit anong medikal na pag-alaga na siyang kilakailangan na kaugnay ng pagkakapantay ng paggamot sa mga mamamayan ng kanilang estado.

Ang lahat ng kumpanya sa Albania, ay kinakailangang magtalaga ng doktor sa kalusugan ng paggawa. Ang pamamalakad ang siyang nagtatakda ng iskedyul sa paggawa ng Doktor base sa bilang ng mga empleyado o manggagawa, na maaaring buong oras (full time), pansamantala, o ibinabahagi sa mga maraming kumpanya.

Ang mga panuntunan rin ang siyang nagtakda ng dalas ng panahon ng medikal na pag-check-up, tinutukoy sa uri ng gawaing pangnegosyo, at tukuyin ang medikal na pagsusuring kinakailangan base sa kalikasan ng tungkulin sa paggawa ng empleyado.  Dagdag pa, ang talaan ng sakit sa trabaho ay naging aprubado, na siyang umuugnay sa espisipikong kondisyong pangkalusugan ng pasyente sa propesyon at pagkakalantad sa lugar ng trabaho.

# PANANAGUTAN NG MGA EMPLOYER

**Nangangailangan ng Pre-employment na Pagtatasa ng Kalusugan:**

Titiyakin na ang bagong hirang ay sumailalim sa pagtatasang pangkalusugan na isasagawa ng Doktor pampamilya ng tao sa sentrong pangkalusugan na may ulat na isusumite sa trabaho.

**Inisyal at Panaka-nakang Pagsusuring Pangkalusugan:**

Humihiling ng insiyal na pangkalusugang ebalwasyon sa panahon ng unang tatlong buwan ng pagtrabaho at patuloy na pana-panahong exam para masiguro na ang manggagawa ay hindi nanganganib mula sa panganib sa trabaho.

**Dalubhasang Eksaminasyong Medikal:**

Pagsasagawa ng regular na medikal na pagsuri para sa empleyadong nalantad sa panganib tulad ng pisikal, kemikal, biolohikal, mutagenic, o mga karsinoheno o carcinogenic agents.



Ang mga amo ay may legal na katungkulang magreport ng anumang pangyayaring naganap sa lugar ng trabaho sa State Labour Inspectorate at Serbisyong Sosyal, sa mga sumusunod na paraan:

**Email: info@sli.gov.al**
**Phone number +355 42 368 473**
**An Online Form:**
**https://inspektoriatipunes.gov.al/njoftim-aksidenti-ne-pune-2/**

**Ang sumusunod ay kailangan ding abisuhan: Social Security Institute at ang Prosecution Authorities (sa pagkakataong may namatay a anumang sitwasyong na maaaring bumubuo ng isang kriminal na pagkakasala.)**





# MGA REGULASYONG PANGKALIGTASAN SA ALBANIA

Dapat linawin ng amo ang mga panuntunan ng teknikal na kaligtasan para maiwasan ang aksidente at mga sakit sa trabaho.

Kailangang magbayad ang amo ng kaibahan ng pinsalang natamu at ang ibinigay na kabayaran na inilaan ng pansiguridad panlipunan kung ang sakuna o sakit sa trabaho ay resulta ng labis na kapabayaan ng mga employer.

Kung ang amo ay nabigong magpatala ng manggagawa sa pansiguruhang sosyal (social insurance), kailangang bayaran ang lahat na gastos na natamu ng manggagawa sanhi ng aksidente o sakit sa paggawa, pati na rin ang mga pinsalang sanhi ng kakulangan sa registrasyon o pagpapatala.

Ang amo (employer)ay obligadong tiyakin ang kalinisan ng paggawaan. Pagkatapos makonsulta ang mga manggagawa ang amo ay kailangan kumuha ng kailangang mga hakbang sa proteksiyon laban sa ispesipikong panganib dala ng mga nakakalason na sangkap at mga ahente, makinarya, mabigat na pagbubuhat, polusyon sa hangin , ingay, panginginig ng boses, at panganib na nauugnay sa tiyak na ekonomikong sektor tulad ng konstruksiyon, inhenyeriyang sibil (civil engineering), pagmimina, at mga industriyang kemikal. Dapat malinaw na mailagay ng amo (employer)ang nakikitang mga babala sa bawat lugar paggawaan na nagpapakita ng risgo sa kalusugan at kaligtasan ng mga empleyado.

Kapag sama-samang mga hakbang sa proteksiyon ay kulang para sa kaligtasan ng mga manggagawa, kailangang magbigay ng libre at walang bayad ang amo, individwal na pamproteksiyong gamit para paroteksiyunan ang mga manggagawa mula sa panganib sa lugar pagawaan. all times and stored in protected areas safe from dust and other contaminants.

Ang mga kagamitan sa proteksiyon ay kailangang subukan at linisin bago ibigay sa mga manggagawa. Kailangang mapanatili ang magandang kondisyon sa pagtatrabaho sa lahat ng oras at maitago sa protektadong lugal na ligtas mula sa alikabok, at iba pang pampadumi.



# PAGTATRABAHO SA ALBANIA

Para makapagtrabaho at mamuhay sa Albania bilang banyaga, kailangan mo magkaroon ng Kakaibang Permiso (Unique Permit). Ang Inique Permit (Leja Unike) ay espesyal na uri ng permit, kung saan kabilang kapwa WORK at Residence Permit.

Ikaw ay legal na nagtatrabaho at nakatira sa Albania kung:

- Hawak mo ang Unique Permit.
- Ikaw ay na-ideklara sa Social and the Health Insurance Scheme ng iyong employer.
- Nakapag lagda ka ng nakasulat na indibidwal na kontrata. Ang

Kontrata sa pagtatrabaho dapat Partikular na maglalaman ng:

**a. Pagkikilanlan ng mga partido;**
**b. Ang Lugal ng paggawaan**
**c. diskripsiyon ng trabaho**
**d. Petsa ng pagsimula ng trabaho;**
**e. Panahon, kung ang partido ay lumagda ng fixed-Term na Kontrata**
**f. Panahon ng binayarang Pagliban**
**g. Pabatid sa panahon ng Termi-nasyon ng Kontrata.**
**h. Ang bahagi ng sahod at ang petsa ng pagpasahod**
**i. Ang normal na oras ng paggawa bawat linggo.**
**j. Sanggunian para sa naaangkop na kolektibong Kasunduan**
**k. Panahon ng pagsubok**
**l. Ang uri at pamamaraan para sa mga hakbang sa pagdisplina, kung walang kolektibong kasunduan ang naaangkop.**

- Ang iyong sahod ay naibayad sayo sa iyong banko.
- Ang sahod ay di maaaring bumaba sa minimum na pambansang minimum na pasahod na tukoy ng desisyon ng pamahalaan.

*(Simula Hunyo 2024, ang pambansang minimum na pasahod sa Albania ang nanatiling Fixed sa €396.6/40.000 Albanian Lek kada buwan, iyon ay 4,759 euros/480.000 Albanian Lek kada taon, isinasaalang-alang ang labin-dalawang (12) bayad kada taon.)*



# ORAS NG PAGTATRABAHO AT TAUNANG PAGLIBAN

Ang karaniwang pang-araw-araw na trabaho ay hindi kailangang lumagpas sa 8 oras. Ang limit na ito'y itinakda ng kapasyahan ng pamahalaan, kolektibong kasunduan, o indibidwal na kontrata sa paggawa, na tinitiyak na nasa maximum na lingguhang oras sa paggawa.

Ang panggabing pagtatrabaho ay tumutukoy sa pagtatrabahong ginugugol sa pagitan ng 10:00 hanggang 6:00Am. Ang haba ng panggabing pagtatrabaho, kalakip ang araw bago at pagkatapos, ang hindi kailangang lalagpas sa walong (8) tuloy-tuloy na oras. Dapat sundin o naunahan ng isang agarang pang-araw-araw na panahon ng pahinga.

**Panggabing Oras (7:00PM-10:00PM):** Ang trabahong ginagawa sa takdang oras na ito'y nagbibigay sa manggawa ng pandagdag na sahod na hindi bababa sa dalawampung porsyento (20%).
**Panggabing Oras (10:00-6:00AM):** Ang paggawa sa panahong ito'y nagbibigay sa manggagawa ng pandagdag sahod na hindi bababa sa limampung porsyento (50%).

PANSININ! Ang Trabahong ginagawa nang lingguhang pahinga ay tinutumbasan ng:

- Pandagdag sahod na hindi bababa sa dalawampo at limang porsyento (25%), o
- Katumbas na pahingang oras sa oras ng paggawa, dagdagan ng dagdag na pagpahinga ng kahit man lang dalawampo at limang porsyento (25%)ng kabuuang oras ng paggawa, na kailangang kunin sa loob ng linggo bago o pagkatapos na matapos ang paggawa

Ang trabahong naisagawa sa opisyal na pampublikong araw ng pagpahinga at tinutumbasan ng magkaparehong uri.

Lagpas sa Oras na paggawa ay tumutukoy sa anumang uri ng paggawa na sinagawa lagpas sa normal na pang-araw-araw o maximum na lingguhang oras sa paggawa, o lagpas sa pinagkasunduang iskedyul.

Taunang bayad sa pagliban ay tinitiyak ng kolektibong kasunduan o indibidwal na kontrata sa paggawa, ngunit hindi bababa sa dalawampo at dalawang (22) araw ng paggawa sa kada taon.

Para sa manggagawang may kulang sa isang buong taong pagserbisyo, ang taunang pagliban ay sinusuma nang magkakasukat base sa haba ng pagtatrabaho.

Other types of leave:

- Ang manggagawa ay may karapatan sa limang (5) araw na bayad na pagliban para magpakasal o pagkamatay ng asawa, direktang angkan o mga angkan.
- Sa oras ng pagpanganak ng bata, ang asawa/kinakasama ang makinabang mula sa talong (3)araw ng bayad na pagliban.
- Ang manggagawa ay maaaring magrequest hanggang tatlumpong (30) araw ng di-bayad na pagliban para sa malubhang sakit ng angkan o direktang mga angkan, na suportado ng ulat medikal.



# ANG MGA IMPORMASYON AY KINUHA MULA SA:

- Batas Blg. 79/2021 “Tungkol sa mga Dayuhan”
- Batas Blg. 7961/1995 “Kodigo sa Paggawa ng Republika ng Albania” na Binago
- Batas Blg. 10221/2010 “Proteksyon Laban sa Diskriminasyon” na Binago
- Batas Blg. 15/2019 “Pagsusulong ng Trabaho” na Binago
- Batas Blg. 7703/1993 “Tungkol sa Seguro Panlipunan sa Republika ng Albania” na Binago
- Batas Blg. 10237/2010 “Tungkol sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho” na binago, kasama ang mga sub-legal na akto

# KUNG MAKAKATAGPO KA NG MGA ISYU, MAAARI KANG MAKIPAG-UGNAYAN SA:

**Inspektor ng Paggawa ng Estado ng Albania at mga Serbisyong Panlipunan**
Address: Rruga " Sheh Ahmet Pazari", nr. 10, Tiranë
E-mail: info@sli.gov.al
Phone Number: 04 2368 466

---

**Inspektor ng Kalusugan ng Estado**
Address: Rruga "Aleksander Moisiu", nr. 80, Tiranë
E-mail: info@ins-shendetesor.gov.al
Phone Number: 04 223 5925

---

**Tagapagtanggol ng Bayan / Ombudsman ng Albania**
Address: Bulevardi " Zhan D'Ark", Nr. 2, Tiranë
E-mail: ap@avokatipopullit.gov.al
Phone Number: 04 2380 300 / 04 2380 333 / 0800 1111 / +355 68 903 4648

---

**Komisyoner para sa Proteksyon laban sa Diskriminasyon**
Address: Rruga e " Durrësit", Nr. 27, Tiranë
E-mail: info@kmd.al
Phone Number: 04 2431 078 / 08000 606

---

**Pambansang Ahensya para sa Trabaho at Kasanayan**
Address: Blv. "Bajram Curri", 1004, Tiranë
E-mail: kontakt@akpa.gov.al
Phone Number: +355 69 304 9917 / +355 44 52 83 63

---

**Pulisya ng Estado**
Address: General Directorate of State's Police, Bulevardi Bajram Curri, Tiranë
E-mail: policiaeshtetit@asp.gov.al
Phone Number: 129

---

**Mga Bumbero**
**Phone Number: 128**

**Ambulansya**
**Phone Number: 127**

**Linya ng Emerhensiya**
**112**

---

**INSPEKTOR NG PAGGAWA NG ESTADO**

**MAGPAHAYAG NG REKLAMO / MAGSUMBONG**


42 RAJ